

The background is a deep blue with various colorful leaves (orange, red, yellow, green) scattered around. In the top left, a girl is holding a yellow and white kite. In the top right, a girl in a green dress is holding a large red leaf. In the bottom left, a girl in a green dress and orange shorts is holding a large orange leaf. In the bottom right, a girl in a red dress is holding a large red leaf. The text is centered in the middle of the page.

# KARAPAT DAPAT

*Bata, alamin ang iyong mga karapatan!*  
*Child, know your rights!*

**Ang aklat na ito ay tungkol sa iyo,**  
**This book is about you,**

\_\_\_\_\_ /  
PANGALAN / YOUR NAME

\_\_\_\_\_ /  
EDAD / AGE

**taong gulang.**  
**years old.**

**Ikaw ay bukod-tangi.**  
**Mula ulo hanggang paa,**  
**isa kang pambihirang nilikha.**

**You are one of a kind.**  
**From your head down to your toes,**  
**you are extraordinary.**





**Tumingin sa salamin.**  
Iguhit mo sa loob ng kuwadro ang iyong mukha.

Look at yourself in the mirror.  
Draw your reflection inside this frame.

# Gaano ka kagaling...

How well can you...

...sumayaw?  
...dance?



...gumuhit?  
...draw?



...umawit?  
...sing?



...magbasa?  
...read?



...tumalon?  
...jump?



...tumakbo?  
...run?





**Sa buong mundo,  
walang ibang katulad mo!**

**Kung ika'y may edad na  
mababa sa 18 taong gulang,  
dapat mong malamang may  
mga karapatan ka bilang bata.**

ARTIKULO 1

**In the whole world,  
there is nobody quite like you!**

**If you are below 18 years old,  
you should know that  
a child like you has rights.**

ARTICLE 1

**Palakihin kang ligtas mula sa pahamak  
nang matupad mo ang lahat  
ng iyong mga pangarap—  
Ito ang pangunahing tungkulin  
ng iyong pamilya't pamahalaan.**

MGA ARTIKULO 3, 4, 5

**To raise you in a safe environment  
so you can fulfill all your dreams—  
This is the primary duty  
of your family and your government.**

ARTICLES 3, 4, 5











**Maging sino ka man,  
anuman ang iyong wika,  
kultura't paniniwala,**

**Dapat mong tandaan:  
bilang bata, ikaw ay may  
mga angking karapatan.**

MGA ARTIKULO 2, 14, 30

**Whoever you are,  
whatever language you speak,  
whatever culture you come from,  
and whatever you believe in,**

**You must remember:  
As a child, you have rights.**

ARTICLES 2, 14, 30

**Karapatan mong lumaking malusog.**

**Karapatan mong makamit ang mahusay na pangangalaga, magkaroon ng malinis na inuming tubig, masustansyang pagkain, malinis at ligtas na kapaligiran, at makabuluhang impormasyon tungkol sa iyong sariling kapakanan.**

MGA ARTIKULO 2, 24

**You have a right to grow healthy.**

**You have a right to have access to the best health care, clean drinking water, nutritious food, a clean and safe environment, and information relevant to your personal well-being.**

ARTICLES 2, 24











**Saligan ng masaya't  
masaganang buhay:  
sapat na pagkain,  
hustong damit na masusuot,  
at mapayapang tahanan.**

ARTIKULO 27

**Food to eat, clothes to wear,  
and a safe place to live:  
these are your basic needs  
to lead a happy and fruitful life.**

ARTICLE 27

Iguhit ang gusto mong handa sa iyong kaarawan.

Draw the food you want for your birthday.











**Ang kapansanan  
ay 'di dapat maging dahilan  
upang ikaw ay mapag-iwanan.**

**Sa espesyal na edukasyon  
at pangangalaga, tiyak mong  
may laban ka sa kinabukasan.**

ARTIKULO 23

**Your disability should not  
make you feel left behind.**

**Your right to special education and care  
will ensure that you will live a full life,  
just like any other child.**

ARTICLE 23

**May karapatan kang lumaki  
sa isang masayang tahanan,  
sa kalinga ng isang  
mapagmahal na pamilya—  
kadugo mo man o hindi.**

MGA ARTIKULO 9, 18, 20, 21

**You have a right to grow up  
in a happy home,  
in the care of a loving family—  
whether or not you are  
related by blood.**

ARTICLES 9, 18, 20, 21



Hello, Anak!  
Kumusta?

공장 매점  
factory canteen

Hello, Tatay!  
Pauwi na po galing  
school, sinundo ako  
ni Lola at ni bunso.







**Dapat kang panatilihing ligtas  
mula sa pananakit at karahasan.  
Ang mga taong nag-aalaga sa iyo,  
hindi ka dapat sinasaktan.**






ARTIKULO 19

**You have a right to be kept safe  
from ill treatment and abuse.  
The people who care for you  
must never hurt you.**

ARTICLE 19

# Iguhit ang larawan ng mga taong nag-aaruga sa iyo.

Draw portraits of the people who care for you.









**Ang iyong murang katawan at isipan ay dapat ingatang huwag malulong sa droga at iba pang mapanganib na sangkap.**

**Dapat ka rin ilayo mula sa anumang uri ng pananamantala't karahasan.**

MGA ARTIKULO 33, 36

**Your young mind and body must be protected from drugs and other dangerous substances.**

**You must be protected from any form of exploitation and abuse.**

ARTICLES 33, 36



# Tulungan mo ang mga batang makauwi nang ligtas mula sa kapahamakan.

Help the children find a safe way to go home.





**Karapatan mong  
magkaroon ng boses  
at pakinggan ng mga  
nakatatanda.**

ARTIKULO 12

**You have a right to have your own opinion,  
and to be taken seriously by adults.**

ARTICLE 12









**Karapatan mong maging  
masaya at malaya, makipaglaro,  
makipagkaibigan, at  
makipag-ugnayan  
sa iyong mga kapwa-bata.**

ARTIKULO 15

**You have a right to be happy and free,  
to play, make friends, and form bonds  
with other children.**

ARTICLE 15



# Mas gaganda ang daigdig kapag dadagdagan mo ng kulay!

The world will be more beautiful if you add color!





**Karapatan mong maglaro—  
at magpahinga.**

ARTIKULO 31

**You have a right to play—  
and rest.**

ARTICLE 31





April 2019

# Ano ang pakiramdam mo sa...

How do you feel about...

...sorbetes na ube?  
...ube ice cream?



...aklat?  
...books?



...ulan?  
...rain?



...kulay pula?  
...the color red?



...palaka?  
...frogs?



...mangga?  
...mangoes?



**May karapatan kang manuri at tumuklas ng iba't-ibang bagay. May kalayaan kang ipahayag ang sarili sa pamamagitan ng pagtalakay, pagguhit, pagsulat, at iba pang paraan.**

ARTIKULO 13

**You have a right to explore and discover things. You have a right to express yourself by discussing, drawing, writing, and other ways.**


ARTICLE 13





**Paliparin ang haraya.** Lumikha ng sariling bersyon ng larawan sa kaliwa.

Let your imagination soar. Make your own version of the picture on the left page.





Pag-ibahin ang tunay mula sa hindi totoo.

## Alin ang tunay? Alin ang kathang-isip?

Know what is true from what is false.  
Which is real? Which is made-up?





**Karapatan mong makakuha  
ng impormasyong  
kapaki-pakinabang sa iyo  
at nakalahad sa paraang  
madaling maunawaan.**

ARTIKULO 17

**You have a right to get information  
that is important to your well-being  
and is expressed in a way  
you can easily understand.**

ARTICLE 17

**Dahil ikaw ay bata pa  
na may murang isipan,  
ang iyong pagkakamali  
at nagawang krimen  
ay hindi dapat patawan  
ng kaparusahang sing-bigat  
ng sa mga matatanda o  
mapanganib sa iyong buhay.**

MGA ARTIKULO 37, 40

**Because you are young,  
the punishment for mistakes and  
crimes that you may have committed  
must not be as severe  
as punishments for adults,  
and should not place your life  
in any danger.**

ARTICLES 37, 40









**Karapatan mong magkaroon  
ng kalayaan at kaligtasan  
mula sa giyera.**

**At kung ika'y may edad 15 pababa,  
hindi ka maaaring piliting sumali  
sa hukbo at lumahok sa digmaan.**

ARTIKULO 38

**You have a right to protection  
and freedom from war.**

**And if you are aged 15 years and below,  
you may not be forced to join the army  
and take part in the war.**

ARTICLE 38

**Kung pilitin ka ng pagkakataong  
lisanin ang sariling bayan,  
karapatan mong humingi  
ng proteksyon at tulong  
sa bayan na iyong lilipatan.**

ARTIKULO 22

**If you are a refugee  
forced to leave your home,  
you have a right to seek  
protection and help  
in another country.**

ARTICLE 22







# Buuin at palaguin ang hardin!

Complete the garden and make it grow!









**Karapatan mong humingi  
at mabigyan ng tulong,  
kung sakaling ikaw ay nasaktan,  
napabayaan, o napagmalupitan.**

ARTIKULO 39

**You have a right to ask  
and be provided help,  
if you have been hurt,  
abandoned, or treated badly.**

ARTICLE 39



## Maghandang pumasok.

Iguhit ang mga gamit na kakailanganin mo para sa paaralan.

Get ready for school. Draw the things you will need.





**Kahit gaano katayog  
ang iyong mga pangarap,  
kayang-kaya mong abutin.**

**Karapatan mong  
mabigyan ng pagkakataon  
tungo sa pinakamataas  
na antas ng edukasyon.**

ARTIKULO 28

**However high your dreams may be,  
you can reach them.**

**You have a right to be given  
the opportunity to go to school,  
and attain the highest level of  
education that you can.**

ARTICLE 28



**Dapat mong magamit ang iyong edukasyon sa pagpalago ng iyong dunong at mga kakayahan.**

**Dapat ay matulungan ka nitong mamuhay nang tiwasay, na may pagmamahal sa kapaligiran at paggalang sa kapwa.**

ARTIKULO 29

**Your education should help you use and develop your talents and abilities.**

**It should help you live peacefully, with a deep love for the environment, and respect for other people.**

ARTICLE 29









KKK: Karapatan, Kabataan, Kinabukasan  
GUHIT NG Ang INK · ACRYLIC ON CANVAS

**Bata, bukod-tangi kang nilalang.  
May angking talino't kakayahang  
dapat linangin at ingatan.**

**Laging tandaan na  
ang batas ay kapanig mo—  
sa oras na maparaya  
ang pagtrato sa iyo.**

**Nasa iyong mga kamay  
ang kinabukasan ng bayan.  
Ikaw ang may kakayahang  
baguhin ang mundo.**

**Dahil ikaw ang mundo.**

ARTIKULO 8

**Child, you are an extraordinary being.  
You have talents and skills that  
should be developed and nurtured.**

**Always remember that your rights will protect you—  
during those times that you will be treated unfairly.**

**In your hands, the future of the country rests.  
You have the power to change the world.**

**Because you are the world.**

ARTICLE 8



# United Nations Convention on the Rights of the Child In Youth-Friendly Language

“Rights” are things every child should have or be able to do. All children have the same rights. These rights are listed in the UN Convention on the Rights of the Child.

Ang “karapatang pambata” ay tumutukoy sa mga batayang pangangailangang dapat tinatamasa ng bawat bata. Lahat ng mga bata ay may pantay na karapatan. Ang mga ito ay nakatala sa *UN Convention on the Rights of the Child*.

**ARTICLE 1** • Everyone under 18 years old has these rights.

Angkin ng lahat ng taong may edad na mas mababa sa 18 taon ang mga karapatang ito.

**ARTICLE 2** • All children have these rights, no matter who they are, where they live, what their parents do, what language they speak, what their religion is, whether they are a boy or girl, what their culture is, whether they have a disability, whether they are rich or poor. No child should be treated unfairly on any basis.

Angkin ng lahat ng kabataan ang mga karapatang ito, sino man sila, saan man sila naninirahan, anuman ang hanapbuhay ng kanilang mga magulang, anuman ang kanilang wika, pananampalataya, babae o lalaki man sila, anuman ang kulturang kanilang pinanggalingan, may kapansanan o wala, mahirap o mayaman. Walang batayan para pagkaitan ng karapatan ang kahit sinong bata.

**ARTICLE 3** • All adults should do what is best for you. When adults make decisions, they should think about how their decisions will affect children.

Tungkuling itaguyod ng mga nakakatanda ang lahat ng makabubuti sa iyo. Dapat nilang isaalang-alang ang epekto ng kanilang mga desisyon sa mga bata.

**ARTICLE 4** • The government has a responsibility to make sure your rights are protected. They must help your family to protect your rights and create an environment where you can grow and reach your potential.

May tungkulin ang pamahalaang pangalagaan ang iyong mga karapatan. Dapat nitong tulungan ang iyong pamilya sa pangangalaga ng iyong mga karapatan at sa paglikha ng kapaligirang ligtas, kung saan maaaring yumabong at umunlad ang iyong kakayahan.

**ARTICLE 5** • Your family has the responsibility to help you learn to exercise your rights, and to ensure that your rights are protected.

Tungkulin ng iyong pamilya na tulungan kang matutong magsanay ng iyong mga karapatan. Dapat nilang tiyakin ang pangangalaga ng mga karapatang ito.

**ARTICLE 6** • You have the right to be alive.

May karapatan kang mabuhay.

**ARTICLE 7** • You have the right to a name, and this should be officially recognized by the government. You have the right to a nationality (to belong to a country).

May karapatan kang mabigyan ng pangalan, at ito ay dapat opisyal na kilalanin ng pamahalaan. May karapatan kang magkaroon ng nasyonalidad (maging mamamayan ng isang bansa.)

**ARTICLE 8** • You have the right to an identity—an official record of who you are. No one should take this away from you.

Karapatan mong magkaroon ng pagkakakilanlan—mayroong opisyal na tala ng kung sino ka. Di ito maaaring ipagkaila o agawin nino man mula sa iyo.

**ARTICLE 9** • You have the right to live with your parent(s), unless it is bad for you. You have the right to live with a family who cares for you.

May karapatan kang mabuhay sa piling ng iyong magulang o mga magulang, maliban na lamang kung makakasama ito sa iyo. May karapatan kang mabuhay sa piling ng pamilyang mag-aaruga sa iyo.

**ARTICLE 10** • If you live in a different country than your parents do, you have the right to be together in the same place.

Kung sakaling magkaiba ang kinaroroonan mong bansa sa iyong mga magulang, karapatan mong makasama sila at manirahan sa iisang lugar.

**ARTICLE 11** • You have the right to be protected from kidnapping.

May karapatan kang maprotektahan mula sa pagdukot.

**ARTICLE 12** • You have the right to give your opinion, and for adults to listen and take it seriously.

Karapatang mong magpahayag ng sariling opinyon, at dapat itong dinggin at seryosohin ng mga nakatatanda.

**ARTICLE 13** • You have the right to find out things and share what you think with others, by talking, drawing, writing, or in any other way unless it harms or offends other people.

Karapatan mong tumuklas ng iba’t-ibang bagay at ibahagi ang iyong mga kaisipan sa ibang tao sa pamamagitan ng pagsasalita, pagguhit, pagsulat, at iba pang mga pamamaraan, maliban na lamang kung ito ay makakasama o makakasakit sa ibang tao.

**ARTICLE 14** • You have the right to choose your own religion and beliefs. Your parents should help you decide what is right and wrong, and what is best for you.

Karapatan mong pumili ng sariling relihiyon at paniniwala. Dapat kang tulungan ng iyong mga magulang na magpasya hinggil sa kaibahan ng tama at mali, at kung ano ang pinakamabuti para sa iyo.

**ARTICLE 15** • You have the right to choose your own friends and join or set up groups, as long as it isn’t harmful to others.

May karapatan kang piliin ang iyong mga kaibigan, lumahok o bumuo ng mga grupo, basta’t hindi ito ikapapahamak ng ibang tao.

**ARTICLE 16** • You have the right to privacy.

May karapatang ka sa pagiging pribado.

**ARTICLE 17** • You have the right to get information that is important to your well-being, from radio, newspaper, books, computers, and other sources. Adults should make sure that the information you are getting is not harmful, and help you find and understand the information you need.

Karapatan mong makakuha ng impormasyong mahalaga sa iyong kapakanan, mula sa radyo, pahayagan, aklat, at iba pang mapagkukunan ng kaalaman. Dapat tiyakin ng mga nakatatanda na ang kaalamang iyong nakakalap ay hindi mo ikapapahamak. Dapat ka nilang tulungan sa paghahanap ng kaalamang kailangan mo at sa pag-unawa nito.

**ARTICLE 18** • You have the right to be raised by your parent(s) if possible.

Karapatan mong palakihin ka ng sarili mong magulang (o mga magulang) hangga’t maaari.

**ARTICLE 19** • You have the right to be protected from being hurt and mistreated, in body or mind.

Karapatan mong maging ligtas mula sa pananakit at pagmamaltrato, maging sa katawan o isipan.



<b>ARTICLE 20</b> • You have the right to special care and help if you cannot live with your parents.	Karapatan mong makatanggap ng natatanging kalinga at tulong kung sakaling hindi ka maaaring manirahan sa piling ng iyong mga magulang.	<b>ARTICLE 31</b> • You have the right to play and rest.	May karapatan kang maglaro at magpahinga.
<b>ARTICLE 21</b> • You have the right to care and protection if you are adopted or in foster care.	May karapatan ka sa pag-aaruga at proteksyon kung ikaw ay ampon o naninirahan sa bahay-ampunan.	<b>ARTICLE 32</b> • You have the right to protection from work that harms you, and is bad for your health and education. If you work, you have the right to be safe and paid fairly.	May karapatan kang magkaroon ng proteksyon laban sa mga gawaing maglalagay sa iyo sa kapahamakan, at makapipinsala sa iyong kalusugan at pag-aaral. Kung ikaw ay nagtatrabaho, nararapat kang maging ligtas at bayaran nang wasto.
<b>ARTICLE 22</b> • You have the right to special protection and help if you are a refugee (if you have been forced to leave your home and live in another country), as well as all the rights in this Convention.	May karapatan ka sa proteksyon at tulong kung ikaw ay isang refugee (kung ikaw ay napilitang lumikas at mangibang-bayan), at pati na sa mga karapatang kalakip sa <i>Convention</i> na ito.	<b>ARTICLE 33</b> • You have the right to protection from harmful drugs and from the drug trade.	May karapatan kang magkaroon ng proteksyon mula sa bawal na gamot at sa kalakalan ng bawal na gamot.
<b>ARTICLE 23</b> • You have the right to special education and care if you have a disability, as well as all the rights in this Convention, so that you can live a full life.	May karapatan ka sa natatanging edukasyon at pangangalaga kung ikaw ay may kapansanan, at sa lahat ng karapatang kalakip ng <i>Convention</i> na ito, upang ikaw ay mabuhay nang ganap.	<b>ARTICLE 34</b> • You have the right to be free from sexual abuse.	May karapatan kang maging ligtas mula sa pang-aabusong sekswal.
<b>ARTICLE 24</b> • You have the right to the best health care possible, safe water to drink, nutritious food, a clean and safe environment, and information to help you stay well.	May karapatan ka sa pinakamahusay na pangangalagang pangkalusugan, ligtas na tubig na iinum, masustansyang pagkain, malinis at matiwasay na kapaligiran, at impormasyong makabubuti sa iyong kapakanan.	<b>ARTICLE 35</b> • No one is allowed to kidnap or sell you.	Walang sino man ang maaaring dumukot o magbenta sa iyo.
<b>ARTICLE 25</b> • If you live in care or in other situations away from home, you have the right to have these living arrangements looked at regularly to see if they are the most appropriate.	Kung ikaw ay nasa pangangalaga ng iba o nasa ibang sitwasyong nananahan ka malayo sa iyong tahanan, may karapatan kang ipasuri ang kalagayan ng iyong paninirahan upang matiyak na ito ay patuloy na angkop sa iyo.	<b>ARTICLE 36</b> • You have the right to protection from any kind of exploitation (being taken advantage of).	May karapatan kang magkaroon ng proteksyon laban sa kahit anong uri ng pananamantala at pang-aabuso.
<b>ARTICLE 26</b> • You have the right to help from the government if you are poor or in need.	May karapatan kang humingi ng tulong sa pamahalaan kung ikaw ay mahirap o nangangailangan.	<b>ARTICLE 37</b> • No one is allowed to punish you in a cruel or harmful way.	Walang sino man ang maaaring magparusa sa iyo sa isang malupit o mapaminsalang paraan.
<b>ARTICLE 27</b> • You have the right to food, clothing, a safe place to live, and to have your basic needs met. You should not be disadvantaged so that you can't do many of the things other kids can do.	May karapatan kang kumain, magkaroon ng damit, ligtas na tirahan, at mapunan ang lahat ng iyong batayang pangangailangan. Hindi ka dapat makaranas ng kakulangang maghahadlang sa iyo sa paggawa ng mga bagay na kaya ng ibang bata.	<b>ARTICLE 38</b> • You have the right to protection and freedom from war. Children under 15 cannot be forced to go into the army or take part in war.	May karapatan kang magkaroon ng proteksyon at kalayaan mula sa digmaan. Ang kabataang may edad na mas mababa sa 15 taon ay di maaaring piling maging sundalo o lumahok sa giyera.
<b>ARTICLE 28</b> • You have the right to a good quality education. You should be encouraged to go to school to the highest level you can.	May karapatan kang magkaroon ng mahusay na edukasyon. Dapat kang hikayating abutin ang pinakamataas na antas na iyong makakaya.	<b>ARTICLE 39</b> • You have the right to help if you've been hurt, neglected, or badly treated.	Dapat kang saklolohan kung ikaw ay nasaktan, napabayaang, o napagmalupitan.
<b>ARTICLE 29</b> • Your education should help you use and develop your talents and abilities. It should also help you learn to live peacefully, protect the environment, and respect other people.	Ang iyong edukasyon ay dapat makatulong sa paggamit at paglinang ng iyong talino't mga kakayahan. Dapat din itong makatulong sa iyo na mabuhay nang matiwasay, nang may pagmamalasakit sa kapaligiran, at may paggalang sa kapwa-tao.	<b>ARTICLE 40</b> • You have the right to legal help and fair treatment in the justice system that respects your rights.	May karapatan kang makatanggap ng tulong na legal at makatarungang pagtrato sa ilalim ng sistema ng paglilitis na kumikilala sa iyong mga karapatan.
<b>ARTICLE 30</b> • You have the right to practice your own culture, language and religion—or any you choose. Minority and indigenous groups need special protection of this right.	May karapatan kang tumangkilik ng iyong kultura, wika, at relihiyon—o ng ano mang iyong piliin. Ang mga grupong minoridad at katutubo ay nangangailangan ng natatanging proteksyon para sa karapatang ito.	<b>ARTICLE 41</b> • If the laws of your country provide better protection of your rights than the articles in this Convention, those laws should apply.	Kung ang mga batas sa iyong bansa ay nagkakaloob ng mas mabisang proteksyon ng iyong mga karapatan kaysa mga artikulong nakapaloob sa <i>Convention</i> na ito, ang mga batas na iyon ang dapat tangkilikin.
		<b>ARTICLE 42</b> • You have the right to know your rights! Adults should know about these rights and help you learn about them, too.	Karapatan mong alamin ang iyong mga karapatan! Dapat alamin ng mga nakatatanda ang mga karapatang ito at tulongan ka din nilang mabatid ang mga ito.
		<b>ARTICLE 42 to 54</b> • These articles explain how governments and international organizations like UNICEF will work to ensure children are protected with their rights.	Ipinaliliwanag ng mga artikulong ito kung paano kikilos ang mga pamahalaan at mga organisasyong pandaigdig gaya ng UNICEF upang masiguro ang pangangalaga ng mga bata batay sa kanilang mga karapatan.



## Tungkol sa Aklat

Ang aklat na ito ay humango ng inspirasyon mula sa *United Nations Convention on the Rights of the Child*, isang kasunduan sa karapatang-pantao na nagtatakda ng mga karapatang sibil, pulitikal, panlipunan, pangkalusugan, at pang-kultura ng kabataan, na pinagtibay ng United Nations General Assembly noong 1989, at ng Pilipinas makalipas ng isang taon. Ito ang kauna-unahang legal na pandaigdigang kapulungan na umiiral at nagpapatibay sa karapatang pantao ng lahat ng kabataan.

Upang tulungan ang kabataang matutunan ang kanilang mga karapatan, ilang piling artikulo ang isinalarawan ng pinakamahusay na mga ilustrador ng bansa at muling isinulat upang mas madaling maunawaan. Ang aklat na ito ay bunga ng malapit na pakikipagtulungan ng Center for Art, New Ventures & Sustainable Development (CANVAS) at ng Ang Ilustrador ng Kabataan (Ang INK).

## About the Book

**This book was inspired by the United Nations Convention on the Rights of the Child**, a human rights treaty which sets out the civil, political, economic, social, health, and cultural rights of children, which was adopted by the United Nations General Assembly in 1989, and ratified by the Philippines a year later. It is the first legally binding international convention to affirm human rights for all children.

To help children learn about their rights, selected articles from the treaty were rewritten in child-friendly language and colorfully brought to life by the country's best children's book illustrators. This book was a product of the close collaboration between the Center for Art, New Ventures & Sustainable Development (CANVAS) and Ang Ilustrador ng Kabataan (Ang INK).

Ang **CANVAS** ay nakikipagtulungan sa malikhaing pamayanan upang itaguyod ang kakayahan ng kabataang bumasa't sumulat, ang pagtuklas ng pambansang pagkakakilanlan, at ang pagpapalalim sa pagpapahalaga ng masa para sa sining, kultura, at kalikasan ng Pilipinas.

**Ang INK** ay ang una at nag-iisang samahan ng mga ilustrador ng librong pambata sa Pilipinas. Itinatag noong 1991, ang pangunahing layunin ng Ang INK ay himukin ang paglikha, pagpapalaganap, at pagpapahalaga sa mga ilustrasyong pambata. Ang pinagtipong likhang-sining ng Ang INK ay kumakatawan sa isang malawak na portfolio ng mga de kalidad at premyadong ilustrasyong pambata sa bansa ngayon.

**CANVAS** is a non-profit organization that works with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness for Philippine art, culture, and the environment.

**Ang INK** is the first and only organization of children's book illustrators in the Philippines. Founded in 1991, Ang INK's primary objective is to encourage the creation, proliferation, and appreciation of illustrations for children. Its body of work represents an extensively diverse portfolio of quality and award-winning illustrations for children in the nation today.

Karapatang-ari sa Pilipinas 2018  
ng  
Center of Art, New Ventures and Sustainable Development (CANVAS)  
at Ang Ilustrador ng Kabataan (Ang INK).

**RESERBADO LAHAT NG KARAPATAN.**

Gayunpaman, maaaring ipamahagi, kopyahin, at muling ipamahagi ng sinuman ang kalakip na materyal sa kahit anong medium o format para sa layuning DI-KOMERSYAL, ngunit nararapat na kilalanin ang CANVAS bilang tagapaglathala nito. Walang pagbabago, paglalahok, pagbabagong-ano o kahit anong deribatibo ng materyal ang pinahihintulutan nang hindi muna ipinapaalam sa CANVAS.

Unang paglimbag sa softcover, 2018  
Orihinal na inilathala sa Filipino at Ingles  
Inilimbag sa Republika ng Pilipinas

Ipaabot ang anumang katanungan sa:  
CANVAS, No. 1 Upsilon Drive Extension, Alpha Village,  
Diliman, Quezon City, Philippines 1119  
Email: info@canvas.ph

**The National Library of the Philippines CIP**

Data Recommended entry:

Papa, May Tobias-  
Karapat Dapat : Bata alamin ang iyong mga karapatan–Child know your rights! / written and translated by May Tobias-Papa, edited and researched by Liza Flores and Isa Nazareno; book and layout design by Liza Flores and Jamie Bauza.  
-- Quezon City : CANVAS, Ang INK, [2018], c2018.  
60 pages; cm

ISBN 978-971-9689-07-2

1. Children's rights - Philippines - Juvenile literature. 2. Children - Civil rights - Philippines - Juvenile literature. 3. Children - Legal status, laws, etc. - Juvenile literature.  
I. Flores, Liza. III. Nazareno, Isa. III. Bauza, Jamie. IV. Title. V. Title: Child know your rights!

323.35209599 HQ799 .P5 P820180041



**Ang aklat na ito ay katha ng mga miyembro ng Ang INK.**

Pergy Acuña, Dominic Agsaway, Rex Aguilar, Aldy Aguirre, Kata Alamon, Robert Alejandro, Fran Alvarez, Lauren Baldo, Jeska Barayuga, Jamie Bauza, Sergio Bumatay III, Kora Dandan-Albano, Ruben de Jesus, Issel de Leon, Nerfe Deona, Yas Doctor, Iori Espiritu, Liza Flores, Abi Goy, Rommel Joson, Neal Lim, Jay Lumboy, Lady Mendoza, Jap Mikel, Joza Nada, Marcus Nada, Isa Nazareno, Beth Parrocha-Doctolero, Paul Eric Roca, Brent Sabas, Guia Anne Salumbides, Angela Taguiang, May Tobias-Papa, Kuki Ulpindo, Mariel Vera-Go, Marya Vidal

**Tagapamatnugot at Tagapagsaliksik:** Liza Flores at Isa Nazareno

**Teksto at Salin:** May Tobias-Papa

**Disenyo ng Aklat:** Liza Flores at Jamie Bauza

**hello@ang-ink.org • www.ang-ink.org**





**CANVAS' 1 Million Books for One Million Filipino Children Campaign** aims to inspire in children a love for reading by donating its award-winning books to public schools, hospitals, and disadvantaged communities throughout the country.

*A child that reads is a creative, empowered, and imaginative child who will learn independently, envision a brighter future, and ultimately lead a productive and meaningful life.*

You can help us!

For more information, visit [www.canvas.ph](http://www.canvas.ph), email [info@canvas.ph](mailto:info@canvas.ph), or find us on Facebook:

**Center for Art, New Ventures and Sustainable Development.**


---

*CANVAS, a non-profit organization, works with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.*

# More books from CANVAS




**ELIAS AND HIS TREES**  
Adapted from "The Man Who Planted Trees" by Jean Giono  
Adaptation by Augie Rivera  
Art by Romeo Forbes



**ANG BATANG MARAMING BAWAL**  
Story by Fernando Rosal Gonzalez  
Art by Rodel Tapaya




**SI LUPITO AT ANG BARRIO SIRKERONG**  
Story by Rowald Almazar  
Art by José John Santos III




**THE ROCKING HORSE**  
Story by Becky Bravo  
Art by Elmer Borlongan




**ANG DYP NI MANG TOMAS**  
Story by Genaro Gojo Cruz  
Art by Anthony Palomo



**EARTH TALES: 3 ECO-FABLES FOR CHILDREN**  
"The King and the Royal Trees" by Paul Aird  
Art by Iwee Olivares-Mellor  
"The Hummingbird" (author unknown)  
Art by Piet Bolipata  
"The Star Thrower" (author unknown)  
Art by Liza Flores




**THE BOY WHO TOUCHED HEAVEN**  
Story by Iis Gem Li  
Art by Sergio Bumatay III




**SOL: A LEGEND ABOUT THE SUN**  
Story by Agay Llanera  
Illustrated by Farley del Rosario



**TAHAN NA, TAHANAN**  
Story by Maria Isabel Alarilla-Arellano  
Art by Don M. Salubayba




**MESSAGE IN THE SAND**  
Story by Charmaine Aserappa  
Artworks by Roel Obemio



**RIZALPABETO**  
Poems by Vim Nadera  
Art by Elmer Borlongan



**DOLL EYES**  
Story by Eline Santos  
Artworks by Joy Mallari




**THE CAT & THE BAT AND OTHER FABLES**  
Adapted by Rhandee Garlitos  
Art by Elmer Borlongan



**THE TRIANGLE MAN AND THE FLIGHTLESS DIWATA**  
Story by Kate Osias  
Artworks by Dex Fernandez



**NADIA AND THE BLUE STARS**  
Story by Francesca Nicole Chan Torres  
Art by Liv Romualdez Vinluan




**A FISH TALE**  
Story by Becky Bravo  
Art by Daniel dela Cruz




**HERE BE DRAGONS**  
Story by Victor Fernando R. Ocampo  
Artworks by Jon Jaylo



**MY BIG SISTER CAN SEE DRAGONS**  
Story by Rocky Sanchez Tirona  
Artworks by Liza Flores



**INANG KALIKASAN'S BAD HAIR DAY**  
Story by Riele Etino Vibal  
Artworks by John Paul Antido



**BENCAB'S ACTIVITY BOOK FOR CHILDREN**  
Activities written by Karen Joy Desamparado-Foronda  
Art by Benedicto Cabrera



**PANYAAN: THREE TALES OF THE TAGBANUA**  
Stories by Rhandee Garlitos and Annette Ferrer  
Art by Sergio Bumatay III



**THE WEIGHT OF WORDS: AN ALPHABET OF HUMAN RIGHTS**  
Edited by CANVAS  
Featured artists: Electrolychee, Dan Matutina, Gerilya, John Ed De Vera, Jom Masolabe, June Digan, Keith Dador, Kevin Roque, Lala Gallardo, Meneer Marcelo, Palma Tayona, Wesley Valenzuela





ILUSTRADOR  
NG  
KABATAAN  
a n g I N K

Maging sino ka man,  
saan ka man nagmula, dapat mong tandaan  
na ang bawat bata ay may karapatang mabuhay,  
lumaki, maging masaya, maging ligtas,  
at maging malayang matupad ang mga pangarap.

Bata, oras na upang malaman mo  
ang iyong mga karapatan.

Whoever you are, wherever you come from,  
you must remember that every child has the right  
to live, to grow, be happy, be safe, and  
be free to fulfill their dreams.

Child, it is time to know your rights.



[www.canvas.ph](http://www.canvas.ph)

creative possibilities. open conversations. meaningful change.

ISBN 978-971-9689-07-2



9 789719 689072